



Makakapasok ng
libre ang iyong
tagapag-alaga



1800 893 044



www.companioncard.nsw.gov.au





Ano ang Kard ng Kasama (Companion Card)

Ang Kard ng Kasama ay para sa mga taong may malubha at permanenteng kapansanan na habambuhay na nangangailangan ng suportang pangangalaga para makadalo sa mga lugar-dausan at makilahok sa mga kaganapan at mga gawaing panglibangan.



Ang kard ay maaaring ipakita kapag nagpapa-book o bumibili ng tiket sa mga kalahok na mga kaganapan at mga lugar-dausan at magbibigay ito sa mayhawak ng kard ng tiket para sa kaniyang kasama.

Sino ang karapat-dapat para sa kard?

Ikaw ay maaaring karapat-dapat para sa Kard ng Kasama kung:

1. ikaw ay mamamayan o residente ng Australya at nakatira sa NSW; at
2. ikaw ay may malubha at permanenteng kapansanan; at
3. hindi mo kayang makilahok sa karamihan ng mga lugar-dausan sa komunidad o mga gawain nang walang suportang pangangalaga; at
4. hindi natutugunan ng mga tulong (aids) at iba pang teknolohiya ang iyong mga pangangailangan sa pangangalaga; at
5. ang iyong pangangailangan para sa antas na ito ng pangangalaga ay panghabambuhay.

Paano mag-aplay para sa kard

1.  Bisitahin ang **www.companioncard.nsw.gov.au** para mai-print ang porma ng aplikasyon o humiling ng naka-print na kopya sa pamamagitan ng telepono, ng email o sa koreo.
2.  Ipadala ang porma ng aplikasyon sa pamamagitan ng koreo sa:
Companion Card
Locked Bag 4028
Ashfield NSW 1800

Anong impormasyon ang kailangan kong ilagay sa aking aplikasyon?

Ang Kard ng Kasama ay humihingi ng:

- » impormasyon tungkol sa iyong kapansanan
- » impormasyon tungkol sa iyong pangangailangan ng panghabambuhay ng pangangalaga
- » patunay mula sa isang propesyonal sa kalusugan o tagapagbigay ng serbisyo na nagpapatunay na natugunan mo ang lahat ng mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat sa Kard ng Kasama
- » dalawang de-kalidad , may kulay na mga larawang pang-pasaporte na nilagdaan ng taong nagpatunay ng iyong aplikasyon.

Paano ko gagamitin ang Kard ng Kasama?

Ang Kard ng Kasama ay magagamit sa mga kalahok na mga negosyo, mga lugar-dausan at mga pasilidad sa buong NSW at sa buong Australya.

Ipakita mo o nang iyong kasama ang inyong Kard ng Kasama kapag nagbu-book o bumibili ng mga tiket mula sa kasapi. Ang kasapi ay magbibigay ng LIBRENG tiket para sa iyong kasama.



Ang Kard ng Kasama ay magagamit sa mga lugar-dausan sa buong estado



Taronga
Western Plains Zoo
Dubbo



Rosehill races
Rosehill



The Dish
Parkes



Victoria Park
Sydney

Para sa karagdagang
impormasyon



T: 1800 893 044



E: info.companioncard@fac.s.nsw.gov.au



W: www.companioncard.nsw.gov.au

